

1

Nililipad ng hangin ang manipis na puting bestidang suot ng babaeng nakatayo sa gilid ng bangin. Niyayakap ng malambot na tela ang makurbang pigura nito. Nakatagilid ito at nakatanaw sa payapang kalangitan kung saan nakalutang ang mapuputing ulap. Ang mga paa nito ay walang sapin at nakatapak sa luntiang damuhan. Maliwanag sa mga mata at nakakaengganyo ang kulay berdeng kapaligiran.

“Miss, huwag kang tumalon diyan,” nababahala niyang sabi sa babaeng tila may malalim na iniisip. Unti-unting humakbang ang kanyang mga paa palapit sa kinatatayuan ng estranghera. Inabot niya ang kamay nito nang kulang-kulang limang dangkal na lamang ang layo niya rito.

Nang maglapat ang mga balat nila ay naramdaman niya ang pamilyar na init mula rito, which was odd dahil hindi niya naman mabistuhang maigi ang mukha ng dalaga. Hindi niya masabi kung kilala niya ito o hindi. Subalit malakas ang pintig ng kanyang puso na animo sasabog iyon. Natutop niya ang tapat ng kanyang dibdib; ramdam niya ang marahas na pagtahip niyon.

“Miss,” sabi niya. Nanlalaki ang kanyang mga matang nakatitig sa mukha nito na bagaman abot-kamay niya lang ay hindi pa rin maaninag nang husto ng kanyang paningin dahil sa makapal na puting usok na nagkukubli sa mukha ng babae. Gayunpaman, malakas ang bulong ng kanyang utak na matagal na niyang kakilala ang kaharap. *It felt like he had known her for decades.*

Naramdaman niya ang marahang pagpisil nito sa kanyang kamay. Rumagasa ang libu-libong boltahe ng kuryente sa kanyang mga ugat. Tila nagka-third degree burn ang mga organs niya sa loob ng katawan. Nanigas ang kanyang kalamnan nang pumihit paharap sa kanya ang babae. Hindi pa rin niya maaninag ang anyo nito, subalit namumuo ang kakaibang excitement na may kahalong tensyon sa kanyang damdamin. Ibinuka niya ang bibig upang sana ay magsalita, ngunit walang boses na ibig lumabas sa kanyang lalamunan.

Gumalaw ang estranghera at tinawid nito ang gahiblang espasyong naghihiwalay sa kanilang mga katawan. Ang bawat galaw nito ay mistulang slow motion sa kanyang paningin. Pakiwari niya ay humahalo ang damit nito sa hangin. *The woman seemed to glow against the bright sunlight.*

She wasn't real, he thought. Inilibot niya ang

mga mata sa paligid. Nagliliparan ang makukulay na paruparo at ibon sa kalangitan. Nagsasayaw ang mayayabong na punong-kahoy sa musika ng hangin. Nakakalat ang mga berdeng dahon na hugis-puso sa luntiang damuhan.

This isn't real... I must be dreaming. Definitely, I am dreaming, he concluded.

Ikinurap-kurap niya ang mga mata, subalit nanatili pa ring nakatayo sa harapan niya ang babae. Sa isang kikap-mata ay namalayan na lamang niyang magkalapat na ang kanilang mga labi. Pilit niyang isinisiksik sa isipan na panaginip lang ang lahat. Marahil ay produkto lang ng imahinasyon niya ang dalagang kahalikan. Ngunit hindi niya maipaliwanag ang malakas na emosyong binubuhay nito sa kaibuturan ng kanyang pagkatao.

Her kiss was warm and it felt so real. Kusang pumikit ang namimigat niyang mga talukap and the moment his eyelids dropped close ay siya ring paghihiwalay ng kanilang mga labi. Awtomatikong dumilat ang kanyang mga mata at nakita niyang papalayo na sa kanya ang dalaga.

Inilahad niya ang mga kamay na tila sa pamamagitan niyon ay mahahatak niya itong muli papalapit sa kanya. Nakakatakot ang kahungkagang

umusbong sa damdamin niya dala ng paglayo nito. He knew deep inside him that she wasn't real, but still, he wanted her close to him.

“Don't go,” pakiusap niya sa papalayong babae.

Sa kabila ng kanyang pagsusumamo ay patuloy pa ring kumapal ang usok na unti-unting tumatakip sa anyo ng estranghera. It began to scare the hell out of him. Just the mere thought na mawawala na ang babaeng ni hindi niya nakita ang hitsura ay kakaibang takot na ang dala sa kanyang puso. His heart pounded hard and his heartbeat increased to impossible rate.

“Miss!” he screamed and stretched out his cold and clammy hands. Nilukob ng nakakatakot na dilim ang magandang paraiso at labag man sa kanyang kagustuhan ay sapilitang sumara ang kanyang mga mata.

“Miss!” Sigaw ni Drew. Nanlalaki ang kanyang mga mata at naliligo siya sa pawis. Isang malakas na lagapak sa kanyang pisngi ang tuluyang nagpalinaw sa kanyang malabong isipan. He had totally gotten out of dreamland. Sapo ang kaliwang pisngi ay matalim ang tinging binalingan niya ang babaeng sumampal sa kanya.

“What did you do that for, Patricia?” asik niya sa dalaga.

Prenteng nakatayo ang kaibigan sa tabi ng kanyang kama. Nakatanghod ito sa kanya at naglalaro ang nang-iinis na ngisi sa mapupula nitong labi.

Maganda ang dalaga. Makintab ang itim na itim nitong buhok na bahagya lang lumampas sa balikat nito ang haba. Her ebony-colored hair matched perfectly with her pecan brown eye color. Matangos ang ilong nito at likas na mapula ang mga labi.

Patricia San Jose was his best friend. Mula noong mga bata pa sila ay malapit na sila sa isa’t isa. Magkaibigan ang kanilang mga magulang and they practically grew up together. They had been the best of friends for more than two decades now.

Marami ang nahihiwagaan sa kanilang dalawa. People never ceased to give out comments like he and Pachie would make a wonderful couple. Tinatawanan lang nila ito. Falling for one another would be the greatest miracle of life, if ever. Parang magkapatid na ang turingan nila sa isa’t isa, kumbaga ay animo ‘incest’ na ang tunog sa kanilang mga tainga ng mga isina-suggest ng mga tao na sana ay sila na lang ang magkatuluyan.

“You were screaming like a baby girl, Drew del Cano. Ano ang gusto mong maging reaksyon ko? Pasalamat ka nga at sinampal lang kita, gusto ko nga sana’y buhusan ka ng kumukulong tubig, eh. Akala ko’y binabangungot ka na. Were you dreaming?”

Humugot siya ng malalim na paghinga at tumayo upang mag-unat. “Yes,” he said tersely.

Umahon ang curiosity sa katawan ng dalaga. Lumapit ito sa kinatatayuan niya at siniko siya. “Ano ang napanaginipan mo, Taba?” usisa nito sa kanya. ‘Taba’ ang tukso nito sa kanya sapagkat mataba siya noong mga bata pa lang sila. In fact, isa ang dalaga sa tumulong sa kanya na kontrolin ang drive niya sa pagkain.

Ikinibit niya ang mga balikat. Pilit niyang ipinapaalala sa sarili na panaginip lang ang babae. The woman wasn’t real, kaya hindi niya dapat ito pakaisipin nang mabuti kung ayaw niyang sumakit ang ulo niya sa walang kabuluhang bagay.

“Nothing more than just a dream. Huwag ka nang magtanong, Tarsier,” ganting-tukso niya sa kaibigan. ‘Tarsier’ ang bansag niya rito dahil bilugan at malaki ang mga mata ni Patricia, parang mga mata ng manika.

Humaba ang nguso nito at pasalampak na naupo sa kama. “Ang sungit mo.” Pachie pouted her lips at sandaling nahulog sa malalim na pag-iisip. Bigla ay namilog ang mga mata nito at nagkahugis ang malapad na ngiti sa mga labi ng kaibigan. She pointed out a finger at him. “You were having a wet dream, weren’t you?” buska nito na ikinalaglag ng panga niya.

“What! Of course not. Ang gulo mo. Ano ba ang ginagawa mo rito?” usisa niya.

Kumibut-kibot ang mga labi nito. “I missed you, Andrew boy. Masama bang dalawin ang isang matalik na kaibigan?”

Drew groaned and shot her a lazy stare. “I won’t buy that, Pachie. Spill it out. Ano ang kailangan mo?” Hinila niya ang kaibigan at isinampay ang braso sa balikat nito, sabay gulo sa tuwid nitong buhok. Tumili si Patricia at itinulak siya palayo.

“Not my hair! ’Kainis ka!” ingos nito habang sinusuklay ang nagulong buhok gamit ang mga daliri. “Gusto ko sanang magpasama sa ’yo sa mall, eh. Bibili ako ng gift para sa birthday ng mama mo next week.”

“Hindi ako puwede. I have a date.”

“With Mia?” tukoy nito sa current girlfriend niya.

Sambakol ang mukha ng kababata at puwede nang pagkabitan ng basket ang magkabilang dulo ng labi nito dahil sa todong pagkakasimangot.

“Right.” Limang araw na silang mag-on ni Mia and he was still enjoying her company. Higit lalo na ang paglalambing nito sa kanya. He wasn’t serious with the woman. Wala naman talaga siyang sineryosong babae. Nagkakilala sila ni Mia sa isang bar, nagpakita ito ng motibo sa kanya na pinatulan naman niya. Laging ganoon ang cycle ng kanyang love life. At kapag nawalan na siya ng gana sa babae ay to the rescue kaagad ang kanyang magandang best friend.

“Hindi ka pa ba nagsasawa sa lampayatot na iyon?” pintas nito kay Mia.

Kumawala ang isang malutong na halakhak sa kanyang lalamunan. “Don’t rush things, Pachie. Darating din tayo diyan. Excited ka na bang gampanan ang role mo?”

Inirapan lang siya nito. “You think nag-e-enjoy ako sa ginagawa ko? Wala lang talaga akong choice.”

Muli niyang kinabig ang dalaga palapit sa kanyang katawan. Mahigpit niya itong niyakap pagkatapos ay malambing niyang pinisil ang makinis

nitong pisngi. “That’s my baby girl. Kaya love na love kita, Best Friend.”

Tinampal nito ang kamay niya. She wrinkled her nose and he thought she looked cute. “Wala ka namang planong magseryoso, Drew. Tayo na lang kasi ang magpakasal. You will never get tired of me and I will never get tired of you just the same. Ayaw mo n’on, kilalang-kilala na natin ang isa’t isa. And we’re not getting any younger. Nanganganib na ang matris ko,” mungkahi nito.

Wala sa oras siyang napaubo. “Yuck, Pachie! Ikaw at ako? I can hardly imagine that happening. That would be incest! At ano ba ang pakialam ko sa bahay-bata mo? Maghanap ka na lang ng sperm donor at subukan mo ang artificial insemination.”

Pinukol siya nito ng matalim na tingin. “I hate you. Siyempre gusto ko namang may tatay ang baby ko, ’no!” mataray nitong talak.

“Tatay? Holy crap! Kinikilabutan ako sa ’yo, Tarsier. Alugin ko kaya ang utak mo at tila nasira na yata ang takbo ng isipan mo. Pachie, we don’t even love each other. I mean, ’yong love na higit pa sa pagiging magkaibigan.”

“We don’t need love. Kung may lalaki man akong

pakakasalan, ikaw na iyon, Best Friend. At least, kilala na kita at gamay ko na ang likaw ng bituka mo.”

Tinapik niya ang pisngi nito. “Hoy, babae, gumising ka. Hindi tayo talo. Tapatin mo nga ako, Patricia, may gusto ka ba sa ’kin?” seryoso niyang tanong kahit nais na niyang humagalpak ng tawa.

Pinaikot nito ang mga bola ng mata bago iyon nag-focus sa mukha niya. “Batukan kaya kita, you like? Kadiri ka! Platonic pa rin naman ang relasyon natin kahit ikasal man tayo. Isang baby lang, Taba. Pagkatapos n’on wala na tayong marital obligation sa isa’t isa.”

Nanlalaki ang mga mata na tumitig dito ang binata. “Naririnig mo ba ang sarili mo, Pachie? Ang pangunahing dahilan kung magpapatali man ako ay para magkaroon ako ng unlimited *you-know-what*.” Kinindatan niya ang dalaga na ikinapula ng mukha nito.

Hinablot nito ang malambot na unan at ubod-lakas na inihampas sa kanyang balikat. “Ang bastos mo! May palagay akong kuneho ka sa past life mo. Ang hilig mo, eh. Sobra!” bulyaw nito.

“Kaya huwag mo na akong kulitin. Umuwi ka na.”

“Uwi lang ako kung mangangako kang sasamahan mo ako mamaya sa mall.”

Nalukot ang kanyang ilong. Reyna talaga ng kakulitan ang kanyang kababata. “Patricia, may date ako. May D-A-T-E ako, kuha mo?” Pinanlakihan niya ito ng mga mata.

Pinagkrus nito ang mga kamay sa tapat ng dibdib at komportableng inayos ang sarili paupo sa malambot na kama. “You have to cancel your date then. Hindi ako aalis dito hangga’t hindi kita napapapayag,” matigas ang tono nitong saad. Kilala niya ang kaibigan. Hindi ito nagpapatalo. He shook his head in defeat.

“Okay, fine, mahal na diktadora. Ika-cancel ko na po ang date ko para po sa inyo. Happy?” sarkastiko niyang sabi bagaman hindi naman siya inis o galit sa kaibigan. Pachie knew that he would choose her above all things on earth.

Sumilay ang matamis na ngiti sa mga labi nito at malambing nitong ikinurap-kurap ang mga pilikmata. “Very.” She grinned. Lumapit ito sa kanya at pinisil ang kanyang tagiliran. Napatalon siya na ikinatawa nito. Ito lang ang nag-iisang taong may kakayahang kilitiin siya. Hinamig niya ang sarili at tumayo nang tuwid.

“Umuwi ka na at maligo. Ang baho mo,” saad niya, sabay pitik sa ilong nito.

“Aray naman!” Tutop nito ang bahagyang namulang ilong. “Uwi na ako, Best Friend. Daanan na lang kita rito mamaya. Love yah!” Naglakad ito patungong pinto at bago lumabas ay saglit pa siyang nilingon. “Tinatamad akong maligo, Drew. Pagtiisan mo na lang muna ang amoy ko.”

Hinagilap niya ang unan at itinapon dito. “Parang hindi ka babae. Maligo ka, oy!” kanyaw niya.

Nag-make face lang ito at dali-dali nang tumakbo palayo. Napailing na lang siya. Di-sinasadyang nahagip ng kanyang tingin ang picture frame na nakapatong sa bedside table niya. Larawan nila iyon ni Patricia noong high school graduation nila. Kapwa sila nakasuot ng puting toga at kapwa labasgiligid ang pagkakangiti. Magkalapat ang kanilang mga pisngi na halos okupahin na ang kabuuan ng background.

Inabot niya ang frame at hinaplos iyon. Masuwerte siya at naging matalik na kaibigan niya si Patricia. Kailanman ay hindi siya nito iniwan sa ere. Sa tuwing may problema siya, isang tawag lang at nasa harapan na niya kaagad ang dalaga. Kahit na may pagkadinante ang personalidad nito ay hindi

Married To My BFF - Ingrid De La Torre

naman sila nag-aaway, awa ng Diyos. Hanggang kulitan lang sila at kaunting asaran. Kaya gagawin niya ang lahat para protektahan ang kanilang samahan. Hindi niya hahayaang masira ang kanilang pagiging matalik na magkaibigan.

2

“Drew, magugustuhan kaya ’to ni Auntie Lourdes?” lukot ang ilong niyang tanong sa binata habang sinisipat ang hawak na *Hutschenreuther* bird couple porcelain figurine na kinuha niya mula sa istanteng kahoy.

Kasalukuyan silang nasa isang figurine shop. Ang tinawag niyang ‘Auntie Lourdes’ ay ang ina ng matalik niyang kaibigan. Malapit siya sa ginang at parang pangalawang ina na ang turing niya rito. Hindi kasi nagkaanak ng babae ang mag-asawang del Cano, kaya itinuring na rin siyang anak ng mga ito.

“Drew?” nakataas-kilay niyang lingon sa lalaki nang hindi ito sumagot.

Ang malapad na likod lang nito ang bumati sa kanyang mga mata. Nakatalikod ito at may kausap sa cellphone. Napabuga ng hangin si Patricia at nagmartsa palapit sa binata. Walang babala niyang inagaw ang hawak nitong cellphone at in-off iyon, sabay suksok sa bulsa ng kanyang boot cut jeans.

“Hey!” angal nito.

Pinanlakihan niya ito ng mga mata at

pinamaywangan. “Aangal ka?” hamon niya. Nagkatitigan sila. Pinatigas niya ang leeg kahit na nangangalay na iyon sa pagkakatingala kay Drew. Sa taas nito na humigit-kumulang anim na talampakan ay kayang-kaya siya nitong balyahin, pero wala siyang makapang takot sa kanyang dibdib. Alam niyang hindi siya kayang saktan nito.

“Babaeng gusgusin, huwag mo nga akong kulitin. Akin na ang cellphone ko.” Inilahad nito ang kamay.

Matigas siyang umiling. “Hindi ko ibabalik sa ’yo ang cellphone mo hangga’t hindi ako nakakahanap ng regalo para sa mama mo.”

His deep-set eyes slanted. Itinaas nito ang mga kamay at ikinuyom nang mahigpit na tila gigil na gigil sa isang makulit na batang paslit.

“Kung hindi lang talaga kita best friend...” nanggigigil nitong usal.

“Pasensya ka! Best friend mo ako, eh.” Itinuro pa niya ang sarili. “So, ano’ng say mo rito?” Itinaas niya ang hawak na figurine.

Pahinamad nitong binalingan ang bagay na iyon saka walang seremonyas na tumango. “Okay na ’yan. Kahit ano naman ang ibigay mo kay Mama ay siguradong magugustuhan niya.”

Lumapad ang kanyang pagkakangisi. “Gan’on ako ka-love ni Auntie?”

“Mas mahal ka pa nga nila kaysa sa ’kin,” ingos nito. “Ayusin mo na kaya ang adoption papers mo at magpaampon ka na sa mga magulang ko?” dugtong nito.

Lalong lumapad ang kanyang ngiti. Ibinalik niya sa shelf ang hawak na figurine at sinakyan ang likod ng binata. Ipinulupot niya ang kamay sa leeg ng kaibigan at marahang kinagat-kagat ang tainga nito. Hindi na napigilan ng kababata ang mapahalakhak.

“Umayos ka nga, Patricia. Para kang bata. Paluin kita sa puwit diyan,” natatawa nitong saway sa kanya.

She got off him, still laughing. Naniningkit ang mga mata niya sa katatawa. “Subukan mo at sasamain ka sa ’kin.” Umakma pa siyang uundayan ito ng suntok.

“Nakakatakot, grabe.” Pabiro siya nitong binatukan. “Ipabalot mo na iyang napili mong regalo para makaalis na tayo. Bilis.”

Eksaherado siyang napasimangot. “Hahabol ka pa sa date ninyo ni Miss Lampayatot?” matabang niyang tanong.

“Hindi na po. Galit na nga sa ’kin.”

“Love it.” She smiled sheepishly. Muli niyang kinuha ang *Hutschenreuther* bird couple porcelain figurine at nagtungo sa cashier upang bayaran ito. Nang makabayad ay dumerecho siya sa gift wrapping corner para ipabalot ang regalo. Habang naghihintay ay panay ang lingon niya sa binata. Nakasandal ito sa isa sa mga istanteng naroroon.

Drew was tall, dark and handsome—the typical Adonis. Idagdag pang animalistic ang sex appeal nito at biniyayaan ng mabulaklak na dila. Kaya hindi na nakapagtataakang maraming babae ang nahuhumaling sa binata. Malinaw na ebidensya ang panay na pagsulyap dito ngayon ng nagsisipagdaanang mga customers, maging ng mga salesladies sa naturang shop.

Ilang sandali pa’y tapos na ang babae sa pagbalot ng regalo niya. Kinuha niya iyon at nagpasalamat saka bumalik sa kinatatayuan ni Drew. Niyapos niya ang kaibigan at ibinaon ang mukha sa malambot nitong cotton shirt. Ginulo naman nito ang buhok niya at awtomatikong ipinatong ang braso sa kanyang balikat. Sanay na ito sa kanyang mga paglalambing. Sweetness was like second nature to her. Maaaring makulit siya at may pagkapilya, subalit kung pagiging

sweet lang naman ang pag-uusapan ay wala nang tatalo sa kanya.

“Excited ka na ba sa birthday ng mama mo, Best Friend?” usisa niya sa lalaki habang tinatahak nila ang daan patungo sa kinapaparadahan ng kotse nito.

“You’ve been asking me the same question every year,” nakangisi nitong sagot, “but yes, Pachie, I am excited. May sasabihin daw si Lola Leonora sa ’kin sa mismong birthday ni Mama. May pakiramdam akong itu-turn over na niya sa akin ang pagiging CEO and President ng *del Cano Food Corporation*.”

Malapit nang magretiro ang Lola Leonora nito at ito lamang ang tanging karapat-dapat sa posisyong maiiwan ng matanda. Aside from the fact that he was Leonora’s grandson ay talaga namang responsable at masipag ang binata.

Ang ama nito, si Deonisio del Cano, na siyang anak ni Leonora ay isang tanyag na pintor. Mas nais pa nitong libutin ang buong mundo para sa mga art galleries nito kaysa patakbuhan ang *del Cano Food Corporation*.

“That’s good news, Best Friend. I think it’s about time. Nasa tamang edad ka na. You’re turning twenty-seven this year at kayang-kaya mo nang patakbuhan

ang kompanya ninyo,” aniya sa binata.

Tumango ito at lumulan sa abuhing *Chevrolet Camaro*. Lumigid na rin siya sa passenger side at sumakay. Kaagad niyang ini-recline ang upuan at ipinatong ang mga paa sa dashboard. Pinalo nito ang mga paa niya.

“Ano ba, Tarsier, ang dumi kaya ng paa mo,” saway nito.

Inirapan niya lang ito. “Ang arte mo,” kandahaba ang nguso niyang ingos. “Para kang bading,” dagdag niya.

Natawa lang si Drew, nakapako ang mga mata sa daan. “Halikan kita riyan, sige ka.”

“Sige nga,” hamon niya.

“Huwag na, oy. Baho ng hininga mo!” kanyaw nito na bahagya lang siyang sinulyapan.

Her mouth dropped. Napatuwid siya ng upo at hindi makapaniwalang tinitigan ang kausap. Eksaherado niyang itinuro ang sarili. “Ako, mabaho ang hininga? Grabe ka. Mabaho pala, ha!” Sumiksik siya palapit dito at binugahan ito ng hangin sa mukha. Isang mahaba at mabagal na buga ang ginawa niya.

“Patricia! Hindi ako makahinga, mababangga

tayo!” pilit iniwas ang ulong sita nito.

“Umayos ka kasi. Huwag kang sinungaling.”

Wala nang nasabi pa ang lalaki, humagalpak na lamang ito ng tawa, sabay iling. Nakitawa na rin siya hanggang sa marating nila ang malaking bahay ng mga del Cano.

“Auntie Lourdes!” magiliw na bati ni Patricia sa may-edad na ginang na nakaupo sa garden chair at may kausap na babaeng nakasuot ng brown uniform. Napansin niya ang nakasulat sa nameplate nito: *Sunshine Design and Tailoring*.

Pagkatapos halikan sa pisngi ang matanda ay kusa na siyang naghila ng silya at inokupa iyon. “Ano ’yan, Auntie?” usisa niya, nakapako ang mga mata sa sketch pad na nakapatong sa garden table.

“Sketch ng gown na susuotin ko sa aking kaarawan.”

Hindi niya napigilang silipin ang pad. Isang full-length gown na may kasamang shawl ang nakaguhit doon. “Wow, Auntie, ang ganda!” humahanga niyang komento.

The old woman smiled meekly. Maganda pa rin

ito kahit na naglalaro na sa cincuenta ang edad. She looked much younger than her years. Mestiza ito at malakas pa rin ang pangangatawan.

“Thank you, Hija, pero sigurado akong tatalbugan mo ako. You are the most beautiful woman I have ever seen, Patricia. Hindi ko nga maintindihan ang aking unico hijo kung bakit hindi ka niya nakikita bilang isang magandang dalaga na maaaring maging nobya.”

Namula ang kanyang mga pisngi sa papuri nito sa kanya. “Si Auntie talaga, kung anu-ano ang iniisip. Para na po kaming magkapatid ni Drew. Tsaka si Taba at ako? Malabo iyon, Auntie.”

Hindi na ito nagkomento pa. Ibinalik nito ang mga mata sa sketch pad, nakapagkit pa rin ang magiliw na ngiti sa mga labi. Tumayo siya at niyakap mula sa likuran ang nakaupong ginang na ikinatawa nito.

“Auntie, intrigera na pala kayo ngayon, ah.”

“Tarsier, sineseryoso mo talaga ang pag-agaw sa mama ko,” mula sa likuran ay sabi ng isang baritonong tinig, the kind of voice that could entice a woman—suave, deep and manly. Sabay silang napalingon ni Lourdes sa pinagmulan ng boses.

Namalas ng kanilang mga mata ang maaliwalas na mukha ni Drew. He was wearing a pair of faded jeans with a gray marl V-neck t-shirt. Mukha itong matikas na hari sa kabila ng simple at kaswal nitong kasuotan.

“Excuse me, hindi ko na kailangang agawin ang matagal nang akin.”

“Ano’ng sa ’yo? Hoy, sampid ka lang, Tarsier.”

She stuck out her tongue at inikot ang bola ng mga mata. “Tabatsoy!” asik niya.

Naningkit ang mga mata ng binata. “Tabatsoy pala, ha!” Malalaki ang hakbang na naglakad ito palapit sa kanya, subalit bago pa siya nito mahawakan ay nagawa na niyang tumakbo palayo. Mistula siyang maharot na batang panay ang hagikgik habang nakatayo malayo sa binata. Nang-aasar ang kislap sa mga mata niya at nang-iinis ang ngising nakapagkit sa mga labi.

“Huwag kang pahuhuli sa ’kin, Pachie, gagawin talaga kitang inasal na tarsier!” anito.

“Naku, mga batang ’to, para pa rin kayong mga pre-schoolers. Hindi na talaga kayo nagbago. Malapit na kayong mag-graduate sa kalendaryo, pero para pa rin kayong mga batang paslit.”

“Ma! I’m only turning twenty-seven this year. Mahabang panahon pa ang four years. Minamadali ninyo naman ang pagtanda ko,” ingos ni Drew na masuyong hinagkan ang ina sa noo bilang paglalambing.

Nagkasya na lang si Patricia na panoorin ang magina. Drew had always been a sweet son to his parents. Hindi ito mama’s boy ngunit alam nito kung paano maglambing at maging malapit sa ina. Huminga siya nang malalim at napangiti sa magandang tanawing nakikita. May kakaibang init na bumalot sa puso niya. Seeing Drew and his mother was like seeing a perfect picture of love. Hindi niya maintindihan kung bakit biglang nag-init ang sulok ng kanyang mga mata. Nag-aambang pumatak ang kanyang luha. Tumingala siya sa payapang kalangitan at ikinurap-kurap ang mga mata. She was fighting something mysterious, something veiled.

Malakas na sutsot ang pumukaw sa kanyang nakalutang na diwa. “May hinihintay ka bang bumagsak mula sa kalangitan? You better stop staring at the sky, Pachie. Seriously, you look like an idiot doing that.” Drew was grinning like a schmuck. Nangaalaska ang bukas ng mukha nito. His coal-black eyes intently fixed on her face. Ang repleksyon ng liwanag mula sa araw ay animo maliliit na bilog na naglalaro

sa mga mata ng binata.

“Well, I don’t mind looking like an idiot for a few minutes as long as it’s not innate in me. Hindi kagaya mo, nakatatak na sa buto ang pagiging walang kuwentang tao,” ganti niya.

Napasipol ito at pabirong sinapo ang tapat ng puso na kunwari ay kumikirot ang bandang iyon. “Ouch! You’re cruel. Salbahe ka.” Lumapit ito at piningot ang kanyang ilong, pagkatapos ay umakbay sa kanya at iginiya siya palapit sa garden table. Sabay pa silang naghila ng silya at naupo.

“Hija, tikman mo ito, shrimp salad with mayonnaise. You will love it.” Iniabot ng butihing ginang ang bowl sa kanya.

Maagap iyong inagaw ni Drew at muling inilapag sa mesa. “Ma, allergic si Patricia sa hipon. You don’t wanna see her with huge red patches all over her body. Nakakatakot, sobra! ”Tapos namumula at namamaga ang ilong niya, kamukha na niya si Rudolph the red-nosed reindeer.”

Nakamata lang siya sa kaibigan. Idinaan lang ni Drew sa biro ang pagsasabing may allergy siya sa hipon, pero ramdam niya ang concern sa boses nito. Lihim siyang napangiti. Her best friend knew her

too well. Tila nga magkarugtong ang kanilang mga bituka. Tinalo pa nila ang mga kambal at totoong magkadugo.

Dahil sa sobrang closeness nila kaya naisip niyang sila na lang ang magpakasal. She was never attracted to any man. Lagi niyang hinahanap ang mga katangian ni Drew sa mga ito.

Is it because you are unwittingly in love with your best friend? a tiny voice asked.

Ipinilig ng dalaga ang ulo. No, she wasn't. Hindi siya in love sa lalaki. They were just destined to become the best of friends forever. At nakahanda siyang pakasalan ang kaibigan upang mapangalagaan ang kanilang friendship habang-buhay.

“Pasensya ka na, Hija, hindi ko alam,” hinging-paumanhin ni Lourdes.

“It’s okay, Auntie,” nakangiti niyang sabi.

“Hey, Pachie, I bought this for you. Paborito mo, fresh strawberries from Baguio,” agaw ni Drew sa kanyang atensyon. Iniabot nito sa kanya ang isang kahong punumpuno ng strawberries. Naglaway siya nang makita ang paboritong prutas.

“Thanks, Taba.” Kumuha siya ng isang piraso at

akmang isusubo na iyon nang magsalita ang binata.

“Thanks lang? Hindi iyan libre, oy. Ano ka, sinusuwerte?”

“You mean may bayad ’to?” sambakol ang mukha niyang tanong. Padabog niyang ibinalik ang hawak na prutas sa lalagyan. Gusto niyang sakalin at sabunutan ang kaibigan nang mga oras na iyon. Maayos na ang lahat, kung hindi lang nito idinagdag na may bayad ang ibinigay nito sa kanya.

“More like a favor, Pachie.” He showed off his big puppy eyes.

“What favor?” walang gana niyang tanong.

“Dating gawi. I want you to get rid of a clingy woman. I can’t stand Franchesca anymore. Tinuturing niya akong pag-aari niya. Sunod siya nang sunod sa akin. Kahit saan ako magpunta, bigla na lamang siyang sumusulpot na parang kabute.”

“What? Wait, who’s Francisa?” naguguluhan niyang tanong.

“It’s ‘Franchesca’,” pagtatama nito.

“Whatever! Akala ko ba si Mia ang girlfriend mo?”

“Yes, she still is.”

“Oh God, you’re a two-timer, Drew del Cano!” bulalas niya. Halos hindi siya makapaniwala sa sobrang pagkapalikero ng matalik na kaibigan. He mutated into a woman-eating monster.

“No, I’m not! Hindi ko girlfriend si Franchesca. We’re exclusively dating but she’s not my girlfriend, kaya hindi mo pa rin ako matatawag na two-timer,” depensa nito sa sarili.

“Oh please, Hijo, when will you ever get tired of womanizing? Doon nga kayo mag-usap sa loob at naririndi ang tainga ko sa walang kapaguran mong pagbibilang ng babae,” reklamo ng ina nito, sabay taboy sa kanila.

Nagkatinginan sila ng binata. Ipinapahiwatig ng mga mata nitong sumunod siya sa loob ng malaking bahay. Labag man sa kalooban niya ay napilitan na rin siyang tumayo. Dumerecho ito sa silid nito. Iniwan lang nitong nakabukas ang pinto para sa kanya. Tuluy-tuloy siyang pumasok at ibinagsak ang katawan sa malambot nitong kama.

Sa isang tingin lang ay halata nang lalaki ang nagmamay-ari ng kuwarto. Sa gitna ng silid ay naroon ang platform bed where the soft mattress

laid, covered with steel blue duvet. Sa uluhan ng kama ay mayroong malaking salaming bintana kung saan puwedeng pagmasdan ang napakagandang orchid garden ng mga del Cano. Moderno ang pagkakadiseno sa silid. Maging ang pagpili ng mga kasangkapan ay inayon din sa modernong konsepto. Pinaghalong bughaw at itim ang dominanteng kulay.

“So, are you going to help me or not?” Nahiga ito sa tabi niya, magkadaiti ang kanilang mga ulo.

“What if I say no?”

“Then I’ll make you say yes,” confident nitong turan.

Marahas niyang binalingan ang lalaki. Kinindatan lang siya nito nang magtama ang kanilang mga mata. Ramdam niyang tumalon ang kanyang puso dahil sa simple at walang malisya nitong kindat. Mabilis niyang binawi ang tingin at ipinako ang mga mata sa puting kisame. May warning tone siyang naririnig sa kanyang utak at nais na niyang mag-panic sa kakaibang nagaganap sa loob ng kanyang katawan, partikular na sa kanyang puso.

Marahan siyang napakislot nang idagan nito ang mabigat na binti sa kanyang hita. Tumagilid ito upang masilayan ang kanyang mukha. “Hindi mo ako

kayang tanggihan, Pachie. I'm your one and only best friend. Malakas ako sa 'yo."

Pinilit niyang lunukin ang tila napakalaking bara sa kanyang lalamunan. "Get off me, porky pig! Fine, I'll do it," kalmado ang tinig niyang saad kahit na tinatambol ang kanyang dibdib. Maliksi ang kilos niyang bumaba ng kama. She felt suffocated. Nahihirapan siyang huminga. "Punta lang ako sa banyo." Nagmamadali na siyang nagpunta roon.

Nang makapasok sa bathroom ay tumingin siya sa salamin.

Oh no. No, no, no! Hindi puwede. Mali ito! kausap niya sa sarili. Nakipagtitigan siya sa kanyang repleksyon sa salamin. She was clearly seeing a woman in love. Gusto niyang basagin ang salamin. Nais niyang isigaw na hindi siya ang babaeng nakikita ngayon ng kanyang mga mata. "Wake up, asshole, what is wrong with you?" mahina niyang asik sa repleksyon. Inis niyang sinabunutan ang sarili. Animo nauupos na kandilang dumausdos siya paupo sa sahig. Ilang minuto rin siyang nakipagtalo sa munting tinig sa likod ng kanyang isipan.

Hinamig ni Patricia ang sarili at inayos ang nagulong buhok. Napabuga siya ng hangin. "Listen, freak, you are not in love with your best friend." Ilang

beses na humugot siya ng malalim na paghinga bago lumabas ng banyo.

“Hey, Pachie, what took you so long?” bungad ni Drew nang hustong sumungaw ang kanyang ulo sa pintuan.

“H-ha?” Napalunok siya nang mamasdan ang mukha ng matalik na kaibigan. His midnight black hair, coal-black eyes, aristocratic nose and his sexy lips—he was aggressively handsome. Everything about him seemed extraordinary... *extra hot*. Tila noon niya lang naintindihan kung bakit maraming babaeng naghahabol dito. She was seeing a man now, and not her best friend.

Bumaba ang kanyang mga mata sa hubad nitong katawan. Drew wore nothing that could cover his dainty torso with well-defined and developed muscles. Pasado na itong maging modelo ng *Calvin Klein* underwear.

“F*ck, I am in love with my best friend.”

3

“What did you say? You mentioned something like you’re in love... kanino?” nakakunot-noong usisa ni Drew. Nakatayo ito sa tabi ng wooden cabinet at may binubusising kung ano sa drawer.

“Hmm? In love ako? Hindi, ah,” kaila ni Patricia. Napako siya sa harapan ng pinto. Hindi niya maigalaw ang mga paa, para bang nasemento ang mga iyon sa sahig. Hindi man niya nakikita ang mukha ay malakas ang pakiramdam niyang namumutla siya.

Narinig kaya niyang binanggit ko ang katagang ‘best friend’? nahihintakutang tanong niya sa sarili.

“Pachie, ano’ng nangyayari sa ’yo? You look weird.” Hindi niya namalayang nasa harapan na pala niya ang binata. Iniangat nito ang kamay upang akbayan siya, subalit marahas siyang umatras kaya nauntog ang ulo niya sa pinto ng banyo.

“Aw!” daing niya, sapu-sapo ang nauntog na bahagi ng ulo.

“I feel you, Pach,” nakangiwi nitong saad. Animo ramdam nito ang kirot na iniinda niya. “Masakit ba?”

“Don’t touch me!” asik niya nang akma nitong hahawakan ang ulo niya.

Tinitigan siya nito na wari’y isa siya sa mga mysteries of the world, mahirap intindihin. “Patricia, may problema ka ba?” seryoso nitong tanong kapagkuwan.

Nagkatitigan sila.

“PMS,” palusot niya. Sampung araw bago dumating ang kanyang period ay na-e-experience niya ang tinatawag na premenstrual syndrome. Nakakaranas siya ng pagkairita, tensyon at minsan ay unhappiness. Naisip niyang effective na dahilan ang PMS sa kakaiba niyang inaakto. Nararanasan ito ng ilang kababaihan at may kinalaman ito sa menstrual cycle. Nagdudulot ito ng pisikal at emosyonal na sintomas sa isang babae.

Naningkit lang ang mga mata ng kaibigan. Sa maliit na bukas ng mga mata nito ay nababasa niya ang mensaheng: *Seriously? That’s the lamest excuse, woman.*

“PMS? No way. You have your period.”

“Paano mo nalaman?”

“Paano ko nalaman? Patricia, we grew up

together. I was there when you had your first period. Your monthly visitor comes regular—always. Hindi ko man gustong matandaan kung kailan dumarating ang buwanang dalaw mo ay malas namang tila nakaukit na iyon sa utak ko.”

“That is so gay, Drew.” She sighed. “But you’re right. I have my period. Blame it to hormonal imbalance.”

“Pachie, kilala kita. May bumabagabag sa ’yo. No PMS, not the menstrual thingy and definitely not hormonal imbalance. What is it?”

She flashed Drew her fakest smile ever. Wala siyang plano na ipaalam dito kung ano ang nangyayari sa kanyang damdamin. The sudden romantic feeling that she felt toward him took her by surprise. Hindi niya napaghandaan iyon. Ni sa hinagap ay hindi niya naisip na posible palang tumibok ang puso niya para sa matalik na kaibigan.

“Taba, ano ka ba? Normal lang sa isang babae ang paiba-iba ang mood. Ano iyan?” turo niya sa hawak nitong litrato upang maiba ang paksa nila.

Nanatili lang na nakatuon ang mga mata ng binata sa kanyang mukha. Hindi man lang gumalaw ang mga pilikmata nito. Bumuka ang mga labi nito

upang sana ay magsalita, subalit inunahan na niya ang kaibigan.

“Drew, tigilan mo nga ako. Wala akong problema, end of story. Ngayon, ano ’yang hawak mo?”

Huminga ito nang malalim, hindi na nakipagtalo sa kanya. “This is Franchesca.” Inilagay nito sa nakalahad niyang palad ang litrato ng isang magandang babae na may mapang-akit na ngiti.

“This is Franchesca?” matabang niyang tanong. May hatid na kurot sa dibdib niya ang ideyang may romantikong ugnayan ang dalawa kahit na ba hindi seryoso ang kaibigan dito. Tila pitong beses na tinupi ang kanyang puso. Nais niyang punitin ang litrato ng babaeng sa mga oras na iyon ay siyang pinakamalanding nilalang para sa kanya.

Mabilis niyang ibinalik ang litrato sa lalaki. Holding the picture was like holding a sizzling hot steak platter. Nanunuot ang init sa kanyang balat.

“P-pumatol ka sa babaeng iyan?” tanong niya, bakas ang disgusto sa tinig.

“Bakit hindi? She’s gorgeous but she couldn’t play my game. Masyado niya akong sineseryoso. Ayoko ng gan’on,” nakasimangot nitong sabi.

“I’m sick and tired of doing this, Drew. I’m sick of you and I’m tired of your stupid games,” reklamo niya.

Kinabig siya ng kababata palapit sa katawan nito. Sa unang pagkakataon ay naging aware si Patricia kung gaano kainit ang katawan nito na nakalapat sa kanyang balat. Naaamoy niya ang mabango nitong hininga. Masyadong bukas ang kanyang pakiramdam sa bawat nililikhang galaw ng binata. Maging ang munting kilos ng mga daliri nito na marahang nilalaro ang kanyang likod.

“Pero handa ka pa ring tulungan ako, right?”

Disimulado siyang kumawala mula sa mga bisig nito. “Ano pa nga ba ang magagawa ko? Ako ang iyong matalik na kaibigan and this is one of the *oh-so-many* disadvantages I got for being your best friend.” Tumatak sa utak niya ang salitang ‘best friend’. It sounded as though it was the cruelest word ever coined. Bigla-bigla ay nabaligtad ang kanyang mundo. Na-transport siya sa mundong nakasentro sa binata. Funny, yesterday he was Drew, the best friend. Ngayon, he was Drew, the man who was capable of making her heart jump, swirl and twirl.

“I love you, Pachie!” Hinila siya nito at matunog na hinalikan sa pisngi. Abot-tainga ang matamis

nitong ngiti at parang sundae na nagme-melt ang puso niya dahil sa ngiting iyon.

I'm so dead, she thought, feeling mortified.

“You can’t do this to me!” tili ni Franchesca. Marahas itong tumayo at pinukpok ang nakakuyom na kamay sa mesa. Matalim ang tinging ipinukol nito sa kanilang dalawa ni Drew. Kasalukuyan silang nasa condo unit ng huli at nakaupo paikot sa dining table. Ang plot: Iimbitahan ni Drew si Franchesca para mag-dinner sa pad nito, pagkatapos ay biglang susulpot si Patricia at gagawa ng eksena. Amin ang lalaki na siya ang tunay na fiancée. Tatapusin nito ang relasyon sa ka-fling right there and then—tapos ang kuwento.

“Calm down, Franchesca. I’m deeply sorry, I really am. Hindi ko gustong saktan ka. Tao lang ako, nagkakamali. Nais kong itama ang nagawa kong ito. Kalimutan mo na ako, Franchesca. You deserve someone better. Mahal ko ang fiancée ko.”

Asshole! hiyaw ng utak niya. Naaawa siya sa babae, subalit nasa best friend ang loyalty niya. Itinikom na lamang niya ang bibig at itinuon ang buong atensyon sa eksenang nagaganap.

“Ikaw lang ang gusto ko, Drew! Iwan mo ang babaeng ’yan. Mas bagay tayo!” patuloy na atungal ng babae.

Pinigil niyang kumawala ang isang malakas na hikab mula sa kanyang lalamunan. Inaantok na siya sa takbo ng mga pangyayari. Kung puwede lang i-copy and paste ang mga eksena ay ginawa na niya. Paulit-ulit lang. Nakakaumay na.

Pinagmasdan niyang maigi ang babaeng kaharap. Maganda ito at sexy. Hindi niya maintindihan kung bakit ipinagsisiksikan nito ang sarili sa kaibigan niya gayong marami namang lalaking maaaring sumeryoso rito. Napaka-pathetic na ng hitsura nito ngayon. Nag-smudge na ang mascara nito at nawala na ang composure.

“Hoy, babae! Akala mo ba susuko na lang agad ako? Akin lang si Drew!” sigaw nito sa kanya, nanlilisik ang mga mata. Dinuru-duro pa siya nito gamit ang red-manicured nitong hintuturo.

Umakyat kaagad ang kumukulong dugo sa kanyang bumbunan. “Patahimikin mo ’yan, Drew, ha. Masasapak ko talaga iyan,” pasimple niyang bulong sa katabing binata, nakatikwas ang kilay. He discreetly raised a brow as a response. Ibig sabihin ay ito na ang bahala.

“Franchesca, tapos na tayo. I’m sorry. Please leave,” salat sa emosyong saad ni Drew.

Hindi makapaniwalang tinitigan ito ng babae bago nito pinatigas ang mukha at itinaas ang baba. “Hindi ako naniniwalang may relasyon kayo. I may have made a fool out of myself when I fell in love with you, Drew, pero hindi ako ganoon katanga para maniwala sa palabas ninyo.” Umangat ang sulok ng mga labi nito, nang-uuyam ang ngiti. “Kung fiancée mo talaga siya, show me... kiss her,” hamon nito.

Bumilis ang tibok ng kanyang puso. Ano ang gagawin nila ni Drew? Was he going to kiss her? Sa kabila ng mild panic ay binalot din ng excitement ang kanyang buong pagkatao. Bahagya niyang sinulyapan ang binata. Nakamata ito kay Franchesca pero tagusan ang tingin. Alam niyang nag-iisip din ito kung paano lulusutan ang sitwasyon.

Natagpuan na lamang niyang kusang umangat ang mga kamay niya at pumatong iyon sa mga balikat ng lalaki. “Do it,” aniya nang magsalubong ang kanilang mga mata. Drew’s eyeballs shook and moved like a candle flame blown by the wind. Sa itim nitong mga mata ay nakalarawan ang matinding pagtutol.

“Do it,” ulit niya. Hindi na niya alam kung ginagawa niya iyon para mapaniwala si Franchesca

na may relasyon sila ng binata o dahil iyon talaga ang gusto ng puso niya. She was now only aware of him and the thudding of her heart. Ngayon niya lang napagtuunan ng pansin ang mahahabang pilik ng kaibigan na napakagandang tingnan sa tuwing bumubukas-sara ang mga mata nito. At kung paano gumalaw ang mga labi nito na tila kay sarap hagkan.

Nagwala ang puso niya at tila nais nitong gibain ang kanyang ribcage nang lumapat ang mga daliri ni Drew sa kanyang baba. Animo may isang *San Juanico Bridge* na nagtutulay sa kanilang mga mata. It was very hard to avert her eyes somewhere else. Natagpuan na lamang niya ang sariling ipinipikit ang mga mata at hinihintay ang mga labi nito na lumapat sa kanyang bibig.

And he didn't fail her. Umikot ang kanyang mundo nang maramdaman ang bibig nito. Hindi gaanong gumalaw ang mga labi nito, bahagya nga lang lumapat ang mga iyon subalit kakaiba na ang epekto sa kanya. The kiss added fuel to the fire nestling in her heart at may binuhay rin itong apoy sa lower region ng kanyang tiyan.

Malakas na tili ang nagpahiwalay sa kanila. Hiram sa luha ang mukha ni Franchesca at laglag ang mga balikat nito. Walang salitang nagmartsa ito

patungong pinto at padabog na nilisan ang pad.

Binalot ng katahimikan ang condo unit ni Drew nang silang dalawa na lamang ang naiwan. Walang may gumalaw isa man sa kanila.

“M-may ibig bang sabihin ang halik na namagitan sa ’tin para sa ’yo, Pachie?” kabadong tanong nito sa kanya upang basagin ang katahimikan.

Humugot siya ng malalim na paghinga. Gusto niyang sumagot ng ‘oo’ subalit alam niyang hindi ito ang nais marinig ng best friend kung pagbabasehan ang tense na tense nitong mukha. Mistula itong fresh meat na itinapon sa isang crocodile-infested lake.

“It meant nothing, Drew. Ginawa ko lang ’yon para mapaniwala natin ang fling mo na totoo ang relationship natin.”

“Good!” The way his eyes lighted and the way he exhaled na para bang nabunutan ito ng tinik sa dibdib ay maliwanag na senyales na ginawad lang nito ang halik para sa kanilang maliit na palabas at ayaw nitong mag-isip siya ng ibang rason kung bakit nangyari ang halik na iyon.

It felt like her heart was torn into pieces, ngunit pinaglamanan niya ang hapdi at sakit. Pilit niyang pinakinang ang mga mata at pinasigla ang sarili.

“The best ka talaga, Best Friend!”

“Of course,” tugon niya, tabingi ang ngiti. Mula sa simpleng best friend, na-promote siya to ‘kissing best friend’. How stupid can she get? Nagpadala siya sa tulak ng emosyon and look where it got her? Gusto niyang ipadyak ang mga paa sa sobrang inis sa sarili.

“So, focus ka na naman kay Mia nito?”

Napailing ito. “Hindi rin. Break na kami. Mabuti nga at hindi mahirap hiwalayan, hindi kagaya ni Franchesca.”

Napatango na lamang siya.